



4-21-22: Ang mga maskara ay ina-aatas pa rin sa ilang mga kapaligiran at maring inirerekomenda sa iba—tingnan ang buod sa ibaba at mga detalye sa [Utos ng Opisyal ng Kalusugan](#).

Maring inirerekomenda na magpatuloy ang mga tao sa pagsusuot ng mga maskara na [lapat ang pagkakakasya at mahusay na nakakapanala](#) sa lahat ng mga panloob na pampublikong lugar. Ang pagkalat ng COVID-19 ay patuloy na malaking panganib para sa marami sa Los Angeles County.

ANG LAHAT*, hindi alintana ang katayuan sa pagpapabakuna, ay DAPAT na magsuot ng maskara:

- Sa lahat ng klase ng pampublikong transportasyon sa LA County. Kabilang rito ang mga tren, bus, taksi, mga taksi at pinagsasamahang sasakyan [ride-shares].
- Sa lahat ng panloob na mga sentro ng transportasyon sa LA County kabilang ang paliparan at mga terminal ng bus, tren at mga istasyon ng subway, puwerto sa dagat o iba pang panloob na mga terminal ng puwerto, o anumang iba pang panloob na lugar na nagsisilbing sentro ng transportasyon.
- Sa mga kapaligiran ng pangangalagang pangkalusugan
- Sa mga pangmatagalang kapaligiran ng pangangalaga at mga pasilidad ng pangangalaga sa mga matatanda/sinyor
- Sa estado at lokal na mga koreksiyonal na pasilidad at mga sentro ng detensyon
- Mga sentro ng kanlungan at pagpapalamig
- Sa anumang iba pang mga lokasyon kung saan ito ay patakaran ng negosyo o lugar ng pagdarausan

Ang mga maskara ay MARIING INIREREKOMENDA para sa LAHAT:

- Sa mga eroplano
- Sa mga panloob na pampublikong kapaligiran at mga negosyo tulad ng tingian (retail), mga restawran, teatro, sentro ng libangang pampamilya, silid ng laruan ng baraha, pagpupulong, mga opisina ng pamahalaang estado o lokal na nagsisilbi sa publiko.
- Sa mga panloob na lugar sa mga paaralang K-12 at nag-aalaga ng araw sa mga bata [daycare]

Mga karagdagang rekomendasyon sa maskara

- Maring inirerekomenda ang mga maskara sa mga panloob na lugar o sa mga siksikang panlabas na kapaligiran para sa mga tao na nasa [mataas na panganib ng malubhang sakit](#), o kasamang naninirahan ng taong nasa mataas na panganib. Ang mga maskara na nagbibigay ng [pinakamahusay na proteksyon](#) laban sa COVID-19 ay dapat na isuot. Kabilang sa mga halimbawa ang lapat na kasyang respireytor (hal., N95, KN95) o dobleng maskara (isang lapat na kasyang telang maskara sa ibabaw ng medikal na maskara).
- Maring inirerekomenda ang mga maskara para sa mga taong nagtitipon sa mga panloob na lugar kasama ang mga taong nasa [mataas na panganib ng malubhang sakit](#).

Tandaan: Pinapayagan kang tanggalin ang iyong maskara habang ikaw ay:

- Aktibong kumakain o umiinom.
- Mag-isa sa hiwalay na silid o espasyo.
- Naliligo (showering) o naglalangoy.
- Tumatanggap ng personal na kalinisan o personal na serbisyong pangangalaga (tulad ng pagpapaganda ng mukha [facial] o pag-ahit) na hindi magagawa nang hindi tinatanggal ang iyong maskara.

***May ilang mga tao na hindi dapat magsuot ng maskara**, tulad ng mga bata na wala pang 2 taong gulang, mga taong may partikular na kondisyong medikal o mga kapansanan, at mga taong sinabihan ng kanilang medikal na tagapagbigay na huwag magsuot ng maskara. Ang mga batang edad 2 hanggang 8 ay dapat na magsuot lamang ng maskara kapag nasa pangangasiwa ng matanda. Tingnan [Kung sino ang hindi dapat magsuot ng maskara](#) at [Mga Espesyal na konsiderasyon para sa mga taong hirap sa pakikipag-usap o may mga ilang kapansanan](#) para sa mga detalye at impormasyon sa mga alternatibong uri ng mga pantakip ng mukha.

Para sa mas marami pang matutunan tungkol sa mga uri ng maskara at sa mga panuntunan at rekomendasyon sa pagsusuot ng maskara sa LA County, bisitahin ang ph.lacounty.gov/masks.

